JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton


OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

# 5



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan - Modyul 6:
## Pagsulat ng Simpleng Patalastas at Islogan



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Filipino – Ikalimang Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 6: Pagsulat ng Simpleng Patalastas at Islogan**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Juvy B. Zamoras | |
| **Editor/Tagasuri:** | Sheila Mae M. Magale/Riela Angela C. Josol | |
| **Tagalapat:** | Franklin E. Benitez | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI- Schools Division Superintendent | |
| | Lourma I. Poculan | - Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | - Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | - Chief, Education Supervisor SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | - Education Program Supervisor- Filipino |
| | Bernie P. Laranjo | - Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | - Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | - Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**
**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065)212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

## *Alamin*

Inaasahan na pagtatapos ng talakayan na ito ay:

1. Nakakasulat ng simpleng patalastas at simpleng islogan.

**F5Pu-IIIa-b-2.11**

## *Balikan*

**Panuto:** Basahin ang patalastas at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.




Ito ay nagpapalambot sa iyong buhok sa loob lamang ng isang araw. Natatanggal ang mga balakubak sa buhok ninyo at magkakaroon ito ng malakas na proteksiyon mula dito. Mananatili rin ang mahalimuyak na amoy sa iyong buhok 24 oras! Ito ay gawa sa mga natural na mga sangkap! Ang lahat ng mga benepisyong ito ay makukuha ninyo sa mababang presyo. Bili na!

1. Tungkol saan ang patalastas?
2. Anu-anong mga benepisyo ang dulot ng shampoo sa iyong buhok?
3. Ilang oras ang itatagal ng bango ng iyong buhok?
4. Saan gawa ang sangkap nito?

## *Tuklasin*

**Panuto:** Sumulat ng patalastas gamit ang mga sumusunod na impormasyon:

1. Brgy. Galas, Dipolog City
2. Lingguhang “Clean-Up Drive”
3. Tuwing araw ng Sabado at Linggo
4. Para sa ikagaganda at ikalilinis ng barangay
5. Mga taga-Sitio Anahaw

**Gawain 1**.

| **PATALASTAS** |
|---|
| ANO: |
| SINO: |
| KAILAN: |
| SAAN: |
| BAKIT: |

**Gawain 2**

Isulat ang angkop na salita upang mabuo ang kaisipang nais ipahiwatig ng bawat islogan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

*1."Makulay ang _______ sa sinabawang gulay."*

*2."Bato man sa paningin, pero puno ng _________ ang damdamin."*

3. "*Kung ano ang ________,siya rin ang aanihin*."

## *Suriin*


Ang **patalastas** ay isang paraan ng pag-anunsyo ng produkto o serbisyo sa pamamagitan ng iba't-ibang anyong komunikasyon na nanghihikayat,nagpabatid o nagbibigay impormasyon sa madla.

Upang makagawa ng patalastas kailangan mong masagot ang mga tanong ng mga nakakabasa nito sa pamamagitan ng paggamit ng: **Ano**, **Kailan, Bakit, Saan, Paano at Sino**.

Ang **islogan** ay isang malikhaing pagbuo ng mga salita na kayang humikayat at mang-impluwensya sa mga tao batay sa mensaheng dala nito. Sa paggawa ng islogan dapat: a) **may maikling mensahe** b.)**makapukaw ng damdamin** c.)**mas epektibo kung may tugma sa mga parirala** d.)at **mula sa puso.**


Narito ang ilan pang halimbawa:

**Gawain A**




1. Ano ang ibig sabihin ng ASF?
    a. African Swine Flue
    b. African Swine Fever
    c. African Shine Fever
    d. Afghanistan Swine Fever
2. Para kanino ang patalastas?
    a. Sa lahat ng tao.
    b. Sa lahat ng kalalakihan.
    c. Sa lahat ng may alagang manok
    d. Sa lahat ng may alagang baboy.
3. Gaano kahalaga ang patalastas na ito?
    a. Mahalaga upang maging mabigat ang mga baboy.
    b. Mahalaga upang maging makinis ang mga baboy.
    c. Mahalaga upang mabili ang mga baboy.
    d. Mahalaga upang maiwasan ang sakit sa mga baboy.

**Gawain B**



1. Anong mga salita ang magkatugma sa islogan?
   Sagot: __________at ___________

2. Anong mensahe ang nais iparating ng islogan?
   a. Ang kalikasan ay bantayan.
   b. Ang kalikasan ay abusuhin.
   c. Ang kalikasan pabayaan.
   d. Ang kalikasan ay pangalagaan.

3. Kaninong damdamin ang mapukaw sa mensahe nito?
   a. Sa mga taong naglilinis ng kapaligiran.
   b. Sa mga taong mayaman.
   c. Sa mga taong nilapastangan ang kalikasan.
   d. Sa mga taong matiyaga.



## *Pagyamanin*

**GAWAIN 1**

Sumulat ng simpleng islogan sa pamamagitan ng pagpuno ng salitang angkop at tugma upang mabuo ang ideya na nais nitong iparating ng islogan na nasa loob ng kahon. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

1. "Edukasyon ay pagyamanin
   Upang katalinuhan ay______________________."

2. "Kapaligiran ay pangalagaan
   Sapagkat dito nakasalalay ang ating ________________."

3. "Tayo'y kumain ng gulay,
   Upang humaba ang ating ___________________."

4. "Bisyo ay iwasan
   Para sa ating _________________."

5. "Tanda ng paggalang
   Ang pagsunod sa _______________________."

**GAWAIN 2**

**Panuto:** Sumulat ng simpleng islogan gamit ang mga salita na nasa loob ng kahon. Ayusin ang mga salita upang mabuo ang kaisipan ng bawat islogan.

| | |
|---|---|
| ang ating kalikasan<br>nasa kaligtasan | kung walang kurap<br>walang mahirap |
| **1** | **2** |
| nalulugi ang taong mabisyo<br>ang negosyo | ay makamtan kapag lahat<br>kapayapaan nagbibigayan |
| **3** | **4** |

## ***Isaisip***


Magaling! Naabot mo ang bahaging ito. Basahin mo ang bawat bilang at punan ang patlang upang mabuo ang diwa ng talata. Galingan mo.

1. Ano ang patalastas?
   Ang patalastas ay isang paraan ng pag-anunsyo ng produkto o serbisyo sa pamamagitan ng iba't-ibang anyong komunikasyon na ________________, _______________ o nagbibigay impormasyon sa madla.
2. Mahalaga ba ang isang patalastas? Bakit?
3. Ano ang dapat tandaan sa paggawa ng islogan?
   a)_____________ b.)_______________ c.) **mas epektibo kung may** ____________ d.) at **mula sa puso.**

## ***Isagawa***


**Panuto:** Sagutin ang mga katanungan na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**A.**



1. Para saan ang patalastas?
   Sagot:____________
2. Saang lugar pansamantalang isasara?
   Sagot: _________________
3. Kailan gaganapin ang pagdiriwang?
   Sagot:____________
4. Ano ang mahalagang impormasyon na nais ipabatid sa patalastas na ito?
   Sagot:____________

**B.**




1. Anu-ano ang mga salitang magkatugma sa islogan?
   A. mahigpit at kalaban
   B. pag-asa at kalaban
   C. magtutulungan at kinabukasan
   D. droga at kabataan

2. Ano ang mensaheng nais nitong ipabatid?
   A. Droga ay iwasan ng mga kabataan.
   B. Magtutulungan para sa kinabukasan.
   C. Droga mahigpit na kalaban.
   D. Kabataan dapat magtutulungan.

3. Para kanino nais ipabatid ang mensahe nito?
   A. mga kababaihan
   B. mga kalalakihan
   C. mga magulang
   D. para sa lahat

4. Anong damdamin ang nais nitong ipabatid?
   A. pagmahal sa pamilya
   B. pagmamahal sa sarili
   C. pagmamahal sa bayan
   D. pagmamahal sa kapwa

## *Tayahin*

### *Gawain A*


**Panuto:** Sumulat ng simpleng islogan sa tulong ng mga sumusunod na larawan. Gumamit ng mga salitang magkatugma sa hulihan ng parirala.

**1**

\



**2**



**3**



### Gawain B

**Panuto:** Sumulat ng simpleng patalastas tungkol sa "Programang Pangkabuhayan ng mga Kababaihan ng Barangay". Punan ang mga impormasyon na nasa loob ng kahon.

**PATALASTAS**

**ANO:**
**SINO:**
**SAAN:**
**KAILAN:**

## *Karagdagang Gawain*

**Para sa karagdagang kaalaman gawin mo ang mga sumusunod:**

A. Sumulat ng isang islogan tungkol sa pagmamahalan ng isang pamilya.

B. Sumulat ng isang patalastas tungkol sa progma ng inyong barangay na sumasagot sa tanong na ano,kailan,saan at bakit.

## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

**Gawain 1**

Ano: "Sabayang Patak Kontra Polio"
Sino: Lahat ng batang wala pang limang taong gulang.
Saan: Barangay Mapayapa
Kailan: Oktubre 14-27,2020
Bakit: Maagapan ang polio virus.

**Gawain 2**

1. Wika, isda
2. Pagkakaibigan
3. Diyos, tao

Balikan

1. Shampoo
2. Nagpapakintab, nakakatangal ng balakubak, proteksyon ng buhok
3. 24 oras
4. Natural na sangkap

Tuklasin

**Gawain 1**

Ano: Lingguhang "Clean-Up Drive"
Sino: Mga taga-Purok 204
Saan: Brgy. Tolentino East-Purok 204
Kailan: Tuwing araw ng Sabado at Linggo
Bakit: Para sa ikagaganda at ikalilinis ng barangay

**Gawain 2**

1. Buhay
2. Pagmamahal
3. Itinanim

**Gawain A**

1. B
2. D
3. D

**Gawain B**

1. (Mga maaaring sagot)
   Kalikasan at pangalagaan
   Kalikasan at ingatan
   Pangalagaan at pabayaan
   Pabayaan at ingatan
2. D
3. C
4. Suriin
5. **Gawain A**
6. ANO: Pangkalahatang Pagpupulong ng mga Guro at Magulang
7. SINO: mga Guro at Magulang
8. SAAN: Galas Elementary School (ang sagot maaring ibang paaralan)
9. KAILAN: Oktubre 3, 2020, Sabado ng 2:00-4:00 ng hapon (ang sagot ay maaring ibang araw at oras)

k

**Gawain B**

1. Kamtin
2. Kaligtasan/kalusugan
3. Buhay
4. Kapakanan/kalusugan
5. Magulang

Pagyamanin

**Gawain 1**

ANO: Paligsahan sa Katutubong Sayaw
SINO: Mga batang nasa sampung taong gulang (maaring kahit ibang taong gulang)
SAAN: Barangay Hall ng Miputak (maaring ibang lugar)
KAILAN: Oktubre 17, 2020, Sabado ng 3:00-5:00 ng hapon (maaring ibang petsa at oras)

**Gawain 2**

1. Nasa kalikasan ang ating kaligtasan
2. Walang mahirap kung walang kurap
3. Ang taong nabisyo nalulugi ang Negosyo
4. Kapayapaan ay makamtan kapag lahat nagbibigayan

**Isaisip**

1. nanghihikayat, nagpabatid
2. may maikling mensahe, makapukaw ng damdamin, may tugma sa mga parirala

**Isagawa**

A.
1. mga Motorista
2. Ang kalye mula sa Caltex sa Barangay Tagapo hangang Tram Plaza sa Balibago
3. Enero 8, 2019
4. Pansamantalang isara ang kalye para sa street dancing

B.
1. C
2. A
3. B
4. C

Tayahin
Gawain A

1. Maaring Sagot:Ang taong tamad kailan man ay hindi uunlad
2. Maaring sagot: Ang Palagiang pagbabasa katalinuhan ang matatamasa
3. Maaring sagot: Ang pagiinoman walang mabuting patutunguhan

**Gawain B**

ANO: "Programang Pangkabuhayan ng mga Kababaihan ng Barangay
SINO: Mga Kababaihang walang Hanap Buhay
SAAN: Barangay Makilala (maaring ibang lugar)
KAILAN: Tuwing Sabado at Linggo (maaring ibang araw)

# *Sanggunian*

https://www.henryford.com/blog/2018/04/weekend-alcoholic*Posted on April 09, 2018 by Henry Ford Health System Staff*

Sangguniang Kabataan ng Market Area City of Santa Rosa Laguna Sikhayan Festival 2019 #227thFoundingAnniversary

https://fupping.com/snax_item/the-lazy-workforce/ by James Metcalfe 2 years ago

Islogan Sanhsp YES-O's HUGOT PANGKALIKASAN ENTRIES “Ang kalikasan ay Dapat ingatan at pangalagaan, hindi Pababayaan. September 5, 2016

United Youth Club-Moriel Basco Dir. For External Affairs, League of Club, Jan Marlou Humirang, Maria Ellas Noche-Winer Slogan Making Contest/Sept. 9, 2012

https://m.facebook.com/LGUIndangCavite/posts/429809330973034?locale2=zh_CN, by Municipal Agriculture Office, Municipality of Indang Sept. 23, 2019, Patalastas ASF

https://brainly.ph/question, and https://www.slideshare.net/romilynh13/ikalimang-bahagi (published on Feb. 15, 2015)